



PROGRAMA SA PAGPAPATUPAD NG BUS LANE (BUS LANE ENFORCEMENT, BLE)

Inihahatid namin sa inyo ang isang mas maaasahan at maa-access na karanasan sa pagsakay ng bus.

May plano ang Metro na gawing mas madaling bumiyahе paikot sa LA, kung saan kasama ang mas magandang masasakyan.

Serbisyo ng bus ang pundasyon ng sistema ng pampublikong transportasyon, kaya binago ng NextGen bus plan ang sistema ng bus para pagtuunan ang pagbibigay ng mabilis, madalas, maaasahan, at maa-access na serbisyo. Isang mahalagang aspekto ng pagpapatupad ng planong ito ang paggamit ng mga priority lane para sa mga bus. Isang mahalagang bahagi ng planong ito ang pagbawas sa mga paglabag sa pagparada sa mga daanan at hintuan ng bus.

Ang Bus Lane Enforcement program ay nabuo sa pagtutulongan ng Metro t ng Los Angeles Department of Transportation (LADOT). Nag-i-install ang Metro ng mga forward-facing camera sa mga bus para matukoy ang mga paglabag sa pagparada sa mga hintuan at daanan ng bus. Ire-review ng LADOT ang ebidensya ng mga paglabag sa pagparada na natukoy ng Metro at pagpapasyahan kung mag-i-isyu ng mga citation sa may-ari ng mga nakarehistrong sasakyan.

Paglalarawan ng Proyekto

Isang mahalagang ang hakbang ang programang Bus Lane Enforcement tungo sa pagbuo ng mas ligtas at mas mabilis na network ng iba't ibang paraan ng transportasyon sa Los Angeles. Mahalaga ang pagpapanatiling hindi nahaharangan ang mga hintuan at daanan ng bus sa pagbuo ng mas ligtas, mas mabilis, at mas maa-access na network ng pampublikong transportasyon sa Los Angeles.

Dahil sa mga sasakyang nakaparada sa daanan o sa hintuan ng bus para sa anumang dahilan maliban sa pagliko pakanan, nagiging mas mapanganib ang pagsakay at pagbaba ng bus, lalo na sa mga taong may kapansanan. Nagdudulot ng pagkaantala sa serbisyo at nagdudulot ng pagkahuli sa oras ng mga pasahero ang mga lumalabag sa pagparada sa mga daanan ng bus.

Magpapatupad ang Metro ng mga naka-automate na kontrol sa mga daanan at hintuan ng bus sa mga line 70, 212, 720, 910, at 950 sa paligid ng lungsod ng Los Angeles. Ang mga linyang ito ay nagsisilbi sa 61,664 katao araw-araw. Sisiguraduhin ng teknolohiyang ito na hindi na magkakaroon ng mga paglabag sa pagparada sa mga daanan at hintuan ng bus, na tutulongan ang mga pasahero na makarating sa kanilang destinasyon nang ligtas at tama sa oras, at pagtiyak na naa-access ang serbisyo ng bus ng mga taong may kapansanan.



Metro



Paano Ito Gumagana

- > Ii-install ang maliliit na camera system sa likod ng mga windshield ng mga Metro bus para matukoy ang mga paglabag sa pagparada sa mga daanan at hintuan ng bus habang bumibiyahе ito.
- > Kapag may natukoy na lumalabag sa pagparada sa daanan at hintuan ng bus ang camera system, gumagawa ito ng “package ng ebidensya” na nagdodokumento ng paglabag.
- > Naglalaman ang package ng ebidensya ng maikling video at mga larawan na nagpapakita ng paglabag, larawan ng license plate ng lumabag na sasakyan, at ang oras at lokasyon kung saan nangyari ang insidente.
- > Package ng ebidensya lang ang impormasyong nire-record ng camera system.
- > Kapag naisadokumento na ang paglabag, ipinapadala ang package ng ebidensya sa City of Los Angeles Department of Transportation (LADOT), kung saan ire-review ng mga empleyado at pagpapasyahan nila kung dapat bang mag-isyu ng ticket sa nakarehistrong may-ari ng sasakyan.

Mga Benepisyo

- > Sa pag-cite sa mga lumalabag sa pagparada sa mga daanan at hintuan ng bus, mas pinapahusay ng BLE ang bilis, dalas, at pagiging maaasahan ng serbisyo ng bus sa mga line ng 70, 212, 720, 910, at 950.
- > Tinitiyak na ligtas at maasahang makasakay at makababa ng mga bus ang mga taong may kapansanan nang walang nakaharang sa mga hintuan.
- > Pinapahusay ang pagiging ligtas sa trapiko ng mga taong naglalakad at mga motorista sa pamamagitan ng pagbawas sa mga aksidenteng dulot ng maling pagparada sa mga daanan at hintuan ng bus.

Paano Gumagana ang mga Camera System ng Bus Lane Enforcement



MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

 ble@metro.net

 213-922-4166